


**KIAN**KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS**KAMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon sa Kawasaki



## Nakamura Masayoshi Museum

NO. 154



Noong 1946, Si Ginoong Nakamura Masayoshi, sa edad na (22) ay sumali sa unang pagkakataon sa The Japan Fine Arts Exhibition (Nitten) at nagkamit ng natatanging gantimpala. Noong 1960 sa murang edad na (35) naman ay naging tigapagsiyasat/tiga-hatol sa eksibisyon(Nitten), subalit siya ay tinaguriang may kakaibang paraan(feudalistic) ng pagiging kritiko sa larangang ito, kaya't sa kanyang kagustuhang maabot ang daan ng "originality", iniwan niya ang kanyang posisyon at lumayo mula sa Nitten ng taong sumunod. Sa panahong siya ay tawaging [Pagan Artist],dito siya nagsimulang tumira sa Hosoyama Asao ward ng Kawasaki. Hanggang sa kanyang paglisan sa mundong ito, noong 1977 sa edad na 52,siya ay nakagawa ng marami at iba't-ibang likha kabilang dito ang [Lalaki at Babae]

1988 nang buksan ang kanyang tahanan bilang Museo. Hindi lamang ang panonood ng mga pintura nito, kundi maaari din magpalipas ng oras sa malawak at mayamang hardin nito.

Ang Nakamura Masayoshi Museum ay mararating sa pamamagitan ng pagsakay sa Odakyu bus papuntang [Yomiuri land] mula sa Istasyon ng Shinyurigaoka Odakyu line at bumaba sa [Hosoyama]

o di kaya mula sa Istasyon ng Yomiuri land Odakyu line, sumakay ng bus papuntang Keio Yomiuri land at pagbaba ng [Hosoyama] lumakad ng 5 minuto. Ang Museo ay bukas ng Septyembre hanggang Nobyembre at Marso hanggang Mayo ng Biyernes,Sabado,Linggo at Holidays mula 11:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Ang admission fee ay ¥500 para sa mag-aaral ng hayskul, ¥300 sa mga kolehiyo at ¥200 sa elementarya..

No. 155

## Museums in Kawasaki City




Narito ang ilan sa mga facilities ng Kawasaki City Museum Organization.

Una sa lahat ay ang [Museo ng Tren at Bus] Ang Museong ito ay muling nagbukas pagkatapos ilipat sa Istasyon ng Miyamaedaira mula sa Istasyon ng Takatsu noong Marso last year.

Malilibang ang lahat mula bata hanggang matatanda sa mga nakalaang corner nito kagaya ng pag -display ng mga lumang modelo ng sasakyan, mga bus at tren ng Tokyu line . Masusubukang magmaneho ng sasakyang panghimpapawid(aircrafts) sa pamamagitan ng paggamit ng panorama displayed simulators at dummy/models.

Ang Museo ng Tren at Bus ay konektado sa Istasyon ng Miyamaedaira Tokyu Den-entoshi Line. Ang admission fee ay ¥100 para sa matanda, ¥50 para sa elementarya at walang bayad para sa mga batang 6 na taong gulang pababa.Nagbubukas ito sa oras ng 10:00 ~ 5:00 ng hapon araw-araw maliban sa araw ng Lunes ngunit kapag nagkataong opisyal na walang pasok(holiday)ang Lunes, magsasara ito sa sumunod na araw ng Martes. Bukas din mula 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon tuwing holidays . Hanggang 4:10 ng hapon ang huling pagpapa-pasok ng bisita ng Museo.



Ang Toshiba Science Museum ng Saiwai ward.

Ang unang palapag (1F) ay [ Energy , The Environment /Robots Floor] kung saan matatagpuan ang Submersible maintenance Robot , ang Super conductivity Technology ng enerhiya. Sa pangalawang palapag 2F naman ay ang [Information/Communications/Visual Images] mga kaalaman sa teknolohiya at kompyuter. Sa 3F [Transport/Medical Technology/Semi-conductor] Mapapanood ang lahat ng ito ng walang bayad at reserbasyon. May attendant na nakalaang magpaliwanag kung kinakailangan sa English at Chinese. Bukas ito mula 9:00 ng umaga hanggang 4:45 ng hapon maliban sa tuwing Linggo at Holidays. Upang marating ang Toshiba Science Museum, sumakay sa No.27 Tokyu bus mula sa Istasyon ng Kawasaki at bumaba sa [Komukai koban mae] 1 minuto lalakaran.



No. 156

## Enrollment applications for Elementary & High School



Para sa mga anak ng dayuhang nais mag-enroll ng elementarya at hayskul para sa susunod na pasukan kailangang mag-apply ang:

Mga batang ipinanganak mula ika-2 ng Marso 1998 ~ ika-1 ng Marso 1999 para sa elementarya.


Mga mag-aaral na inaasahang magtatapos ng Elementarya sa Marso 2005 para sa Hayskul.

Subalit kung ang bata ay inaasahang magtatapos ng elementarya at nagnanais pumasok sa pampublikong paaralan ng hayskul, hindi na kinakailangan pang mag-apply.

Narito ang mga kakailanganin sa pag-apply:

Enrollment Application Form : makukuha ang papel na ito sa ward offices, munisipyo at mga branches nito pati na sa opisina ng elementarya at hayskul.

Expected Graduation Certificate : ng mag-aaral ng elementarya na nagnanais maghayskul  
Lugar ng pag-aaplyayan: pinakamalapit na munisipyo o ward offices sa lugar ng tirahan.  
Panahon ng pag-aplay : ang entrance application ay maaaring i-sumite kahit kailan, subalit sa mga papasok na Elementarya sa unang baitang na nagnanais mag-aplay ng Health check-up ay kinakailangan ang maagang pag-apply at inaasahang mag apply hanggang Oktubre 15. Ang Entrance Health check up na ito ay gaganapin sa lahat ng Elementarya sa ika-4 ~ 30 ng Nobyembre. Sa mga interesado sa check-up na ito , makipag-ugnayan sa Department of Health Education Tel(200-3293)



Issued by The Kawasaki International Association

237-1 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center  
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>